# COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

# BABALA: BAWAL ANG PANGANGAMPANYA!

## ANG MGA PAGLABAG AY MAAARING HUMANTONG SA MGA MULTA AT/O PAGKAKULONG.

**SAAN**:

- Sa loob ng pinakamalapit na paligid ng isang taong nakapila para bumoto o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng isang lugar ng botohan, sa pagboto sa gilid ng daan o kahong hulugan ng balota ay ipinagbabawal ang mga sumusunod na aktibidad.

**ANONG MGA GAWAIN ANG BAWAL:**

- HUWAG hilingin sa isang tao na bumoto para sa o laban sa alinmang kandidato o panukala sa balota.
- HUWAG magpakita ng pangalan,larawan,o logo ng kandidato.
- HUWAG hadlangan ang pagpunta o mag-istambay malapit sa anumang mga kahon ng balota.
- HUWAG magbigay ng anumang materyal o naririnig na impormasyon para sa o laban sa anumang kandidato o panukala sa balota malapit sa anumang lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o kahong hulugan ng balota.
- HUWAG magpakalat ng anumang mga petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, reperenda, pagpapaalis sa katungkulan, o mga nominasyon ng kandidato.
- HUWAG mamigay, magpakita, o magsuot ng anumang damit (sumbrero, kamiseta, karatula, butones, istiker) na may kasamang pangalan, larawan, logo, at/o suporta o tumututol sa anumang kandidato o panukala sa balota.
- HUWAG magpakita ng impormasyon o makipag-usap sa isang botante tungkol sa pagiging karapat-dapat ng botante na bumoto.
- Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na naka-buod sa itaas ay itinakda sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.

# BABALA: BAWAL ANG KATIWALIAN SA PROSESO NG PAGBOTO!

## ANG MGA PAGLABAG AY NAPAPAILALIM SA MULTA AT/O PAGKAKULONG.

### ANONG MGA GAWAIN ANG BAWAL:

- HUWAG gumawa o magtangkang gumawa ng pandaraya sa halalan.
- HUWAG magbigay ng anumang uri ng kabayaran o panunuhol sa, sa anumang paraan o sa anumang gawi na hikayatin o tangkaing himukin, ang isang tao na bumoto o umiwas sa pagboto.
- HUWAG bumoto ng ilegal.
- HUWAG magtangkang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi karapat-dapat na bumoto.
- HUWAG makisali sa pangangampanya; kumuha ng larawan o i-rekord ang isang botante na pumapasok o lumalabas sa isang lugar ng botohan; o hadlangan ang pagpasok, paglabas, o pagparada.
- HUWAG hamunin ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante sa pagboto; antalahin ang proseso ng pagboto; o mapanlinlang na magpapayo sa sinumang tao na hindi siya karapat-dapat na bumoto o hindi nakarehistro para bumoto.
- HUWAG subukang tiyakin kung paano binoto ng isang botante ang kanilang balota.
- HUWAG magtaglay o tumulong sa isang tao na magkaroon ng baril sa malapit na lugar ng botohan, na may ilang mga eksepsiyon.
- HUWAG magpakita o tumulong sa isang tao na lumitaw sa uniporme ng isang opisyal ng kapayapaan, guwardiya, o mga tauhan ng seguridad sa malapit na lugar ng botohan, na may ilang mga eksepsiyon.
- HUWAG pakialaman o panghimasukan ang anumang bahagi ng isang sistema ng pagboto.
- HUWAG mangpeke, palsipikahin, o pakialaman ang mga resulta ng isang halalan.
- HUWAG baguhin ang mga resulta ng isang halalan.
- HUWAG pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang listahan ng botohan, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- HUWAG magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan sa pagkolekta ng balota na maaaring manlinlang sa isang botante sa paniniwalang ito ay isang opisyal na kahon ng pagkolekta.
- HUWAG pakialaman o panghimasukan ang kopya ng mga resulta ng mga botong ipinatala.
- HUWAG pilitin o linlangin ang isang taong hindi marunong bumasa o isang nakatatanda sa pagboto para o laban sa isang kandidato o panukalang taliwas sa kanilang layunin.
- HUWAG magpanggap bilang opisyal ng halalan kung ikaw ay hindi isa.
- ANG MGA TAGA-EMPLEYO ay hindi maaaring mag-utos o humiling sa kanilang empleyado na dalhin ang kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na botohan ang kanilang balota sa trabaho. Sa oras ng pagbabayad ng suweldo o sahod, hindi maaaring ilakip ng mga taga-empleyo ang mga materyales na nagtatangkang impluwensyahan ang mga opinyon o aksyon sa pulitika ng kanilang empleyado.
- ANG MGA MIYEMBRO NG LUPON NG PRESINTO ay hindi maaaring magtangkang tukuyin kung paano ibinoto ng isang botante ang kanilang balota o, kung natuklasan ang impormasyong iyon, ibunyag kung paano ibinoto ng isang botante ang kanilang balota.
- Ang mga pagbabawal sa aktibidad na may kaugnayan sa katiwalian ng proseso ng pagboto na naka-buod sa itaas ay itinakda sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Kodigo ng Halalan ng California.